BE SAFE CHICAGO

Maging Ligtas.

Mga Parke at Libangan sa Labas

CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Parke at Libangan sa Labas

Ano ang nasa gabay na ito?

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Ang maingat na muling pagbubukas ng Chicago ay nangangailangan ng:

Mga malusog na pakikisalamuha

Paglayo sa kapwa

Mga limitasyon sa pisikal na layo mula sa ibang indibidwal

Laki ng pagpupulong

Mga limitasyon sa mga pagpupulong ng mga indibidwal

Pamprotektang gamit

Paggamit ng pamprotektang gamit ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan

Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghugas ng kamay)

Mga ligtas na espasyo at kondisyon

Access sa pagpasok

Kondisyon para sa paglabas/pagpasok para sa access sa espasyo

Mga pamantayan sa paglilinis

Mga ginawa para disimpektahan ang lugar

Nakikitang patnubay

Mga mapagkukunan sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho

Pagsusuri ng dami ng taong naglalakad, bentilasyon, atbp.

Mga matatag na operasyon at pagsubaybay

Mga modelong may pleksibilidad

Pleksibilidad pagdating sa pagliban dahil sa sakit, pagtatrabaho mula sa malayo (kapag posible)

Mga matatag na operasyon

Suporta para sa pleksibilidad ng operasyon (hal., maraming shift)

Mga alituntunin sa pagbiyahe

Paghihigpit sa pagpapalipat-lipat ng lokasyon ng mga tao

Pagsusuri / pagsubaybay

Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Parke at Libangan sa Labas

Nakaguhit na halimbawa

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)



Ano ang maaaring maging iba?

1. Hinihikayat ang mga tumatakbo, nagjo-jogging, at naglalakad na panatilihin ang **>6 na talampakan na paglayo** habang nag-eehersisyo

2. **Hinihikayat ang mga walang pakikisalamuha na aktibidad sa labas**, pinapayagan ang mga pangkabataan at amateur na sports nang may mga paghihigpit sa kalahok

3. **Nananatiling sarado ang mga palaruan at mga splash pad**

4. Pinapanatili ng **mga grupo sa lipunan ang pisikal na paglayo** sa mga bukas na espasyo

5. **Iniaatas sa lahat ng indibidwal ang pagsusuot ng mga pantakip sa mukha maliban sa habang nagsasagawa ng pisikal na aktibidad**

6. **Mga nakikitang palatandaan** na nakapaskil sa parke tungkol sa paglayo mula sa kapwa, wastong PPE at higit pa

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Parke at Libangan sa Labas

Mga malusog na pakikisalamuha

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Tiyakin ang >6 na talampakang layo sa pagitan ng lahat ng indibidwal, kung saan maaari

- Tiyakin ang pagdistansya sa kapwa sa mga matataong pampublikong lugar (hal., mga parke) sa pamamagitan ng pagtatalaga ng nakatuong tauhan(kung saan maaari)
- Kung naaangkop, kontrolin ang gate/pagpasok sa mga libangan
- Gumamit ng mga pisikal na harang (hal., mga pansamantalang gate) para sa pamamahala ng daloy ng mga tao sa masisikip na lugar
- Ipaalala sa mga tumatakbo, nagjo-jogging, at naglalakad na panatilihin ang >6 na talampakan na paglayo habang nag-eehersisyo sa pamamagitan ng mga palatandaan

BE SAFE CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Parke at Libangan sa Labas

Mga malusog na pakikisalamuha

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Limitahan ang kapasidad at pagpupulong sa mga nasa loob at nasa labas na espasyo / libangan

- Limitahan ang mga pagtitipon ng mga empleyado at dadalo sa hindi hihigit sa 50 indibidwal para sa mga nasa loob na espasyo, habang isinasagawa ang paglayo sa kapwa
- Limitahan ang kapasidad sa 40% sa lahat ng oras para sa lahat ng kaakibat na nasa loob na bahagi ng mga libangang panlabas (hal., mga banyo, field house, at espasyo para sa eksibit na nasa loob) kabilang ang mga pasilidad na ginagamit kapag hindi mabuti ang panahon (maliban na lamang kung magiging panganib sa kaligtasan ang pagbabawal ng mga indibidwal mula sa silungan)
- Limitahan ang pagtitipon sa hindi hihigit sa 100 indibidwal para sa mga espasyong nasa labas kung mananatiling hindi palipat-lipat ang grupo (hal., nakaupo lamang) at nagsasagawa ng paglayo sa kapwa; magtalaga ng nakatuong tauhan para malimitahan ang malaking pagtitipon, kung saan naaangkop
- Para sa mga espasyong nasa labas na malinaw ang hangganan at maaaring magsikip (hal., commercial boating, mga pribadong layungan na nasa labas), limitahan sa 50% kapasidad ang pagpapasok o maximum na 100 indibidwal, alinman ang mas mababa
- Pinapayagan ang nasa labas na pangkabataan/ amateur sports na may pakikisalamuha, kung hindi ito lalampas sa 50 kalahok (kasama ang mga player, referee, coach) at nagsasagawa ang mga manonood ng paglayo sa kapwa
- Pinapayagan ang nasa loob na pangkabataan/ amateur sports na may pakikisalamuha kung hindi lalapas sa 15 kalahok, at nagsasagawa ang mga manonood ng paglayo sa kapwa

Maging Ligtas. Mga Parke at Libangan sa Labas

Mga malusog na pakikisalamuha

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Pamprotektang gamit

Tiyakin ang pantakip ng mukha para sa lahat ng indibidwal, maliban na lamang tuwing gumagawa ng pisikal na aktibidad

- Sa anumang espasyong nasa labas at nasa loob na ginagamit ng lahat, dapat gumamit ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig (maaaring may mga pagbubukod para sa mga taong may mga medikal na kondisyon o kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha)
- Habang isinasagawa ang pisikal na aktibidad (hal., pagtakbo, pagbibisikleta), maaaring alisin ang mga pantakip sa mukha, hangga't nagsasagawa ang mga indibidwal ng paglayo sa kapwa
- Kung maaari, kung saan kailangan ang malapitang pakikisalamuha (hal., mga booth para sa tiket), gumamit ng mga pisikal na harang (hal., plexiglass) o personal na panangga sa mukha

Mga kinakailangan para sa kalinisan

Hikayatin ang paghugas ng kamay at pag-sanitize ng kamay para sa lahat ng bisita

- Gumamit ng mga palatandaan para ipaaala sa mga dumadalo at mga tauhan ang tungkol sa mga wastong protokol sa kalinisan
- Para sa masisikip na espasyo ng libangang nasa labas (hal., zoo, boating), maglagay ng pang-sanitize ng kamay o mga istasyon para sa paghuhugas ng kamay na madaling mapuntahan ng mga kalahok at tauhan
- Bago ang bawat bagong yugto, kung maaari, magbigay ng pagsasanay upang ipaalala ang wastong mga kasanayan sa paglilinis, pagdisimpekta, at pag-sanitize

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Parke at Libangan sa Labas

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Access sa Pagpasok

Magtaguyod ng mga kinakailangan sa kalusugan para sa lahat ng indibidwal at empleyado para makapasok

- Bago lumabas ng bahay, hinihikayat ang lahat ng indibidwal na tukuyin sa sarili ang mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon sila ng mga sintomas
- Maglagay ng palatandaan sa mga pasukan na humihiling sa mga dumadalo na huwag pumasok kapag hindi mabuti ang kanilang pakiramdam o nakakaranas sila ng sintomas ng COVID-19 (hal., hindi pasalitang kasunduan)
- Bago pumasok sa lugar ng trabaho, susuriin ng mga empleyado ang kanilang sarili para matiyak na wala silang sintomas ng COVID-19 (hal., palatanungan – tingnan ang appendix)

Mga pamantayan sa paglilinis

Panatilihin ang mga mahigpit na pamantayan sa paglilinis para sa mga patungan at gamit na madalas hawakan

- Linisin nang regular ang mga kagamitang madalas hawakan (hal., pindutan para tumawid, mga hawakan ng pintuan)
- Isara ang mga lugar kung saan hindi maaari ang madalas na araw-araw na paglilinis (hal., mga palaruan)
- Tanggalin ang access sa mga madalas hawakan at hindi kinakailangang patungan at gamit (hal., mga grapikong interaktibo)
- Nananatiling sarado ang mga palaruan, splash pad at pampublikong languyan

Maging Ligtas. Mga Parke at Libangan sa Labas

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Gumamit ng mga palatandaan, anunsyo, at nakikitang marka

- Magpaskil ng mga palatandaan para sa mga dumadalo tungkol sa mga protokol sa kalusugan at rekomendasyon
- Aktibong ipaalam ang mga pamantayan at inaasahan sa mga dadalo (hal., mga pantakip sa mukha, paglayo sa kapwa) bago ang pagdating kapag posible (hal., sa pamamagitan ng website, email)
- Magpaskil ng mga hindi pasalitang kasunduan na nagsasabing hindi dapat pumunta ang mga dadalo sa espasyo/libangan sa labas kung mayroon silang anumang sintomas ng COVID-19

Ayusin ang daloy ng trapiko

- Pamahalaan ang daloy ng trapiko ng mga naglalakad sa masisikip na lugar
- Kung maaari at naaangkop, magtaguyod ng mga daanang may direksyon, pasilyo, pintuan, o lagusan para sa trapiko ng mga tao (sa loob at/o sa labas)
- Sundin ang mga naaangkop na alintuntunin sa engineering para sa pagpapatakbo ng mga sistema para sa pagpapainit, bentilasyon, at air conditioner para sa mga espasyong nasa loob
- Kung magagawa, pabutihin ang pagdaloy ng hangin sa mga espasyong nasa loob (hal., mga bintana, bentilasyon) ayon sa mga alituntunin ng CDC

BE SAFE CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Parke at Libangan sa Labas

Mga operasyon at pagsubaybay

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Limitahan ang pagpasok sa trabaho kung saan maaari

- Kung maaari, magbigay ng pagkakataon sa hindi esensyal na tauhan na makapagtrabaho mula sa bahay kapag maaari
- Kung magagawa, bawasan ang pagsasabay-sabay ng pagpasok ng mga tauhan

Magpatupad ng mga pag-iingat na hakbang para sa pagbabayad

- Kung maaari at naaangkop, hikayatin ang mga transakyong hindi gumagamit ng papel na pera o barya (hal., para sa mga libangang kailangan ng tiket)
- Kung naaangkop, limitahan ang pagdalo sa mga nagpareserba lamang (hal., para sa mga libangang kailangan ng tiket)

Limitahan ang hindi kinakailangang pagbiyahe ng kompanya

- Kung naaangkop, limitahan ang pagbiyahe ng mga tauhan sa iba't ibang lokasyon

Maging Ligtas. Mga Parke at Libangan sa Labas

Mga operasyon at pagsubaybay

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)



Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang empleyado, dapat niyang sundin ang lahat ng alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang empleyado bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglinis at pagdisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Sinumang empleyadong nagkaroon ng malapit na pakikipagsalamuha sa katrabaho o sinumang iba pang taong natukoy na may COVID-19 ay dapat mag-quarantine nang mag-isa ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Kung nalaman ng pasilidad na may 2 o higit pang kaso na maaaring nauugnay sa isang lugar o negosyo sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng mga employer ang mga kaso sa CDPH
- Sundin ang lahat ng patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho

BE SAFE CHICAGO

Glosaryo

Paghugas ng kamay: Ang kilos ng puspusang paglilinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Paglayo sa kapwa: Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

Pagtitipon: Isang grupo ng indibidwal na hindi mula sa iisang sambahayan na bahagi ng hindi planado o planadong kaganapan na nagtitipon nang higit sa sampung minuto

PPE: Personal protective equipment, o personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, pangharang sa mukha); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Halimbawang palatanungan para sa pagsusuri sa sarili

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng ganap na pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?

Maging Ligtas. Mga Parke at Libangan sa Labas

Mga Dulugan sa Pampublikong Kalusugan

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

Pangkalahatang patnubay sa lugar ng trabaho

CDC – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika)*: https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf

CDC – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)* https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html

OSHA *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19)*: https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf

Patnubay sa mga lugar na nasa labas

CDC – *Guidance for Gatherings and community events (Gabay para sa Mga Pagpupulong at kaganapan sa komunidad)*: https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/large-events/index.html

CDC – *Guidance for Parks and Recreational facilities (Gabay para sa Mga Parke at Panlibangang pasilidad)*: https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/parks-rec/index.html

Pahayag ng Pagtanggi

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.